

Chapter One



Her twenty-seventh birthday. Here she was, single and miserable. Parang ilang araw lang ang nakalilipas, akala niya ay going smooth pa ang kanyang buhay. Everything was running perfectly according to her plans.

May stable income siya bilang graphic designer. Home-based ang trabaho niya at may matagalang kontrata sa dalawang kompanya sa ibang bansa; isa sa US at isa sa Australia. At may part-time job pa siya bilang tae kwon do instructor three days a week from Monday to Wednesday.

May libreng tirahan si Jillian Gomez dahil siya ang nagsisilbing caretaker sa bahay ng mga

Alvarez na matagal nang naninirahan sa US.

Mula nang magkolehiyo ay dito na siya nakatira, isang maliit na apartment sa gilid ng main house. Dati itong maids' quarters pero narenovate para maging isang apartment, with full amenities. Doon siya nakatira bilang caretaker.

Ang tiyahin niyang si Alice ang dating caretaker doon at ito ang kumupkop sa kanya nang lumuwas siya galing Palawan para mag-aral dito sa Maynila. Pero hindi pa siya nakaka-graduate noon ay namatay ang tiyahin niya sa sakit sa puso.

Sa kabutihang-palad ay pumayag ang mga Alvarez, na noon ay nasa Amerika na, na ipagpatuloy niya ang posisyon ng kanyang tiyahin. And that's what she had been to this house ever since. A caretaker, kapalit ay pagtira niya rito nang libre. Napakagaan ng arrangement para sa kanya.

The main house was not too big. Just a two-storey building, at paminsan-minsan lang ang ginagawa niyang paglilinis doon. Ang nakakapagod lang ay ang pag-maintain niya sa malawak na bakuran. She regularly mowed the lawn at personal niyang binibigyang atensyon ang flower garden sa gilid tuwing rest day niya

para hindi maging masukal iyon.

See, what very nice arrangement. Her life was perfect. Or so she thought.

Just two days ago, she had a boyfriend, Gerard was a good-looking, understanding and successful engineer.

Isipin na lang, nakahanap siya ng guwapo at may stable job na nobyo. Isang nobyo na dahilan para kainggitan siya ng ilang taong nakakakilala sa kanya dahil napakasuwerte niya raw. Isang nobyo na iniintindi at iginagalang ang kanyang golden rule. Yeah, she had a rule. A rule that she made for herself ever since she started dating at age twenty-one. A rule that she's determined to live up to, no matter how silly it was, according to her friends.

Pero hindi sila laging magkakasundo ng mga kaibigan niya kaya okay lang kahit kinontra siya sa issue na ito.

In fact, she enjoyed watching them cringe, as if in disgust, every time she recited her rule out loud.

No sex until she's got a wedding ring on her finger or until she's thirty years old. Whichever comes first.

Ganyan kasimple ang golden rule ni Jillian.

Short, simple but straight to the point.

“Alam mo kung paninindigan mo iyang golden rule mong iyan, tatandang dalaga ka tulad ng tiyahin mo, maniwala ka sa akin!” sabi pa ni Lucy minsan sa kanya. *“Higit sa lahat, ikaw ang nakakaalam kung gaano kalungkot tumanda na walang katuwang. Kung wala ka pa rito noon, maaaring namatay siyang mag-isa. Gusto mo bang gan'on ang mangyari sa iyo?”* eksaheradang pananakot pa nito.

“Grabe ka naman! Wala pa akong treinta, ina-assume mo na agad na tatanda akong dalaga? Hoy, may boyfriend po akong nagmamahal sa akin! Palibhasa mga napariwara kayo sa buhay kaya ang talino n'yong magbigay ng advice, eh. Masaya kaya ako!” mayabang na sabi niya.

“Naku! Kaya nga dapat mo talagang ipagpasalamat na may nahanap kang Gerard!”

Yeah, that's what they all thought.

Pero matapos ang nangyari sa kanya nitong nagdaang araw, sa palagay niya ay hindi papayag ang mga kaibigang panindigan pa niya ang kanyang golden rule.

Napabuntung-hininga siya nang marinig ang ingay ng mga ito sa labas. She knew they would come kahit pa ibinilin niyang ayaw niyang maistorbo. Kapag may naisip ang mga kaibigan

niya, mahirap nang kontrahin ito.



“Happy Birthday!” Halos mabingi si Jillian sa lakas ng sigaw ng dalawang kaibigan.

Nangtawagan siya ni Lucy para tanungin kung anong oras kaya siya makakauwi, naramdaman na niyang may gimmick ang mga ito. And here they were, may torotot at birthday hat pa, kulang na lang ay confetti.

Napabuntung-hininga na lang siya habang pinapanood ang mga itong inilalatag sa mesa ang dalang mga pagkain. Napuno ang maliit na mesa ng cake, pansit palabok, fried chicken at beer. Maraming-maraming beer.

Kumpara sa dalawang kaibigan, hindi siya mahilig uminom.

Today wasn't a good day, though, so she was ready to indulge.

Nagsalubong ang mga kilay niya nang maalala ang naging kabuuan ng araw niya. Umaga pa lang ay binabati na siya ng lahat dahil kaarawan niya.

Pagkagising sa umaga, nakita niyang binaha ng greetings ang inbox ng cellphone niya. Pagdating sa gym kaninang hapon ay may naghihintay na cake sa kanya na kinain nilang

lahat kasama ang mga estudyante matapos ang training.

What made the situation awkward was the constant teasing about Gerard.

Saan daw siya dadalhin ni Gerard, ano raw ang present nito sa kanya, baka aayain na raw siya nito ng kasal.

Walang nakakaalam na dalawang gabi na ang nakakaraan, nagwakas na ang relasyon nila ng nobyo nang halos isang taon.

Walang nakakaalam liban kina Diane at Lucy na kasama niya ngayon. They were there when it happened. They were strolling along the park nang makita nilang nakaparada sa gilid ang kotse ni Gerard.

Noong una ay na-excite pa si Jillian dahil hindi inasahang makikita ang nobyo nang gabing iyon. It was only when she was a few feet away na bigla siyang napaisip kung ano ang ginagawa roon ng lalaki at binundol ng kaba ang kanyang dibdb.

Naunang nakita ni Diane ang nangyayari sa loob at tinangka pa siyang ilayo, pero iwinaksi niya ang kamay nitong pumigil sa kanyang braso.

She expected the worse scenario—pero may mas worse pa pala sa naisip niya.

Akala niya ay makikita niya lang ang boyfriend na may kasamang ibang babae, nagde-date. Pero mali siya.

Gerard was in the backseat and yes, he wasn't alone. May isang babaeng mistulang sawang nakalingkis dito at sa sobrang abala ng mga ito sa paghahalikan ay hindi sila agad napansin.

Muli, tinangka ng mga kaibigan niyang hilahin siya palayo, pero napabilib niya ang mga ito nang makita ang sumunod na ginawa niya.

Kumatok siya nang mahina sa bintana ng backseat. Noong una ay hindi nakakilos si Gerard sa gulat nang mapagsino siya at ang mga kaibigan niya. Ang babaeng kasama nito ay napahiyaw nang dahan-dahang buksan ng lalaki ang bintana.

“Jillian, let me explain,” anang nobyo.

His situation was so pathetic dahil hindi malaman ang gagawin. Maliit lang ang space sa backseat kaya hindi nito agad mailalayo ang babaeng kasama mula sa katawan nito. Kaya naman nanatiling magkalingkis ang dalawa habang nagtatangka si Gerard na kausapin siya.

“Don't worry,” kalmadong sabi ni Jillian at binuksan ang bag. Mula roon ay naglabas siya ng isang paper bill. All the while ay nakatanga

ang mga kaibigan sa tabi niya. “Ayoko lang kasing mahuli kayo ng pulis dito. Here, take this. Mag-check in na lang kayo, marami namang motel diyan, baka akalain ng kasama mo’y tinitipid mo siya.” Tumalikod siya, saglit na tumigil, at muli itong nilingon. “Oh, by the way, break na tayo.”

Hindi maalala ng dalaga kung paano sila nakalayo roon, ang sumunod na namalayan na lamang niya ay ang malakas na pagngawa niya sa loob ng taxi habang hinahagud-hagod ng mga kaibigan ang likod niya.



Pilit niyang iwinawaksi sa isipan ang alaala ng gabing iyon. Alam niyang narito ang mga kaibigan dahil nag-aalala pa rin ang mga ito sa kanya.

Pagod man, ayaw niyang i-disappoint ang mga ito dahil alam niya ang effort nila just to pull this off. Magkaibang call centers ang pinagtatrabahuhan ng dalawa, pero inayos ang schedule para sa kanya.

Pretending enthusiasm, she joined Diane and Lucy.

It was awkward how they all tried to stir clear from the ‘Gerard topic’.

“We have a very special gift for you,”

misteryosong sabi ni Diane nang makailang beer na ito.

“Oh, my gosh! House and lot?” eksaheradong sabi niya. The beer was getting into her, kaya napalakas na rin ang boses niya.

Narinig nila ang pagtigil ng sasakyan sa labas ng gate, pero hindi niya pinansin. Malay ba niya kung doon lang sa tapat niya tumigil pero sa kapitbahay pala ang punta.

“Gagah, hindi mo kailangan ng house and lot. Magpakasasa ka dito sa libreng tinitirhan mo!” ani Lucy na tutok ang paningin sa pinto. “Hoy, bawal ang killjoy!” pahabol nito.

Biglang nakaramdam ng nerbyos si Jillian. Agitated si Lucy. Ano kaya ang ginawa ng mga ito? Kung inimbitahan ng dalawa si Gerard in the hope na ayusin ang nangyari sa kanila, baka pag-umpugin niya ang mga kaharap.

Lalong lumakas ang kutob niya nang marinig ang mga katok sa pinto at agad tumayo si Diane.

Ilang sandali pa ay nakita nila ang pagbukas nito ng pinto. Bumungad sa kanila ang isang estranghero. Isang napakaguwapong estranghero. Not Gerard.

Napabuntung-hininga nang malakas si Jillian. At least, mali ang unang hula niya. Sa

kaibuturan ng puso niya, siguradung-sigurado siya na ayaw na niyang makita si Gerard kahit kailan. Hindi lang dahil sa galit siya sa nangyari kundi dahil seryoso siya. It was over. No question about it.

Pero teka nga, she should have never suspected her friends would really invite him. Alam niyang sukduhan din ang galit ng mga ito sa dating nobyo niya. They've always admired him dahil iginalang nito ang kanyang 'golden rule', so their disappointment that night was tantamount to hers.

No, they would never consider giving him a second chance.

Thank God.

So, sino itong inimbita nila?

Jillian eyed him again. He looked like a mythical god, with his tanned skin, perfect height and body built, slightly long hair for a guy pero bagay naman.

Hunk. The guy was a hunk.

Bigla ay natigilan siya at napalunok. Okay, sino nga uli ang lalaking ito?

"Oh, no," biglang sabi niya sa realisasyong bumalot sa kanya at tumingin sa mga kaibigan. "Please tell me mali ang iniisip ko."

Her friends had always joked about hiring a male stripper for her one day. To introduce her to the body of the male specie raw. To make her feel the heat, the texture at kung anu-ano pang pagkabaladura.

Never in a million years na naisip niyang gagawin nga iyon ng dalawa.

Never. Never. Never.

But it seemed she was wrong. Such nightmare was actually unfolding before her eyes right now. Para namang hindi niya kilala ang mga kaibigan. Ang kanyang baliw na mga kaibigan.

“Here’s the plan,” the tipsy Diane tried to whisper to the newcomer pero dinig na dinig ni Jillian ang sinasabi nito. “You take it all off.” May kasamang muwestra pa ng mga kamay. Kunwa’y nagtatanggal ng mga damit, sabay hagus sa ere.

Malinaw na malinaw iyon sa pandinig ni Jillian na nagsimula nang pamulahan ng mukha.

“One by one,” patuloy pa ni Diane. “All off, do you hear? Hanggang sa walang matira ni isa.” Hinila nito papasok ang lalaki at isinara ang pinto.

Hindi pa rin maka-recover mula sa pagkabigla si Jillian. Tutop ng kamay ang bibig at nanlalaki ang mga matang sinundan niya ng tingin ang

mga ito.

Diane sat him on a chair in the middle of the small living room at sinenyasan si Lucy na agad namang pinalitan ang music. They got it all ready, all right.

Pumainlanlang ang isang instrumental music na nagpatindig sa kanyang mga balahibo.

Sa kabila ng pangingin ng mga tuhod ni Jillian, tumayo siya at nagbabaga ang mga tinging ipinukol kay Diane.

“Stop it, Diane!” galit na sabi niya. “Seryoso kayo? You actually hired a stripper?” she asked in a high-pitched voice.

Parang lumipad ang diwa niya sa pagkabigla. She had to do something. She had to stop this all at once. Hindi niya lang alam kung paano. Hindi niya maatim na muling tumingin sa lalaking dumating. But looking at her friends, she wasn't sure she'd be able to go through their thick skull na hindi siya natutuwa sa 'birthday present' ng mga ito sa kanya.

“Yes,” proud na proud pang sagot ni Diane. “Our sizzling gift to you,” she giggled.

“Hoy, pogi! Ano pa'ng hinihintay mo?” ani Lucy. “Come on, dance and start taking off your clothes! Matatapos na itong kanta, o!”

“Take it off! Take it off!” sabay na sabi ng dalawang babae habang pinag-uumpog ang mga puwet at nagtawanan uli.

Para siyang natauhan mula sa shock nang marinig iyon. Inuutusan talaga ng mga kaibigan niya iyong lalaki na maghubad?

Oh no, not for her benefit.

The shocked Jillian took the ice bucket from the table at wala ni isa man sa mga naroon, kabilang siya, actually thought she'd throw the content at him.

But she did.

To her great horror, she did.

Mabuti na lamang, tunaw na ang mga ice, kung hindi ay baka magkapasa-pasa ang lalaki sa lakas ng pagtapon niya niyon.

Pero sa halip na ma-guilty, she covered it by growing hostile toward the man. No one was going to take off anything inside her home! “Subukan mo lang gumalaw,” banta niya na nakaduro ang hintuturo rito. “Baka itong mga bote ang susunod na tatama sa mukha mo.”

The tipsy friends, after recovering from their shock, started rolling in laughter. Literally. Doon sa maliit na sofa niya ay halos mag-umpugan ang mga ito habang di alam kung paano ipuwesto ang

mga sarili lalo pa't di makontrol ang kanilang malalakas na tawa.

“Grabe, ang killjoy mo!” sigaw ni Diane sa kabila ng pagtawa sa sofa.

Babatuhin sana ito ng throw pillow ni Jillian, pero natigilan siya nang sa isang sulok ng mga mata ay nakita niyang noon lang kumilos ang lalaki. Pinupunas ng palad nito ang basang mukha.

When she looked closely, hindi niya napigilang makaramdam ng awa nang makita ang basang-basang lalaki. Nagmadali siyang pumasok ng kuwarto, kinuha ang tuwalya at agad lumabas para ibato rito pampunas.

From afar, siyempre.

Wala siyang lakas ng loob na lumapit dito.

Parang noon lang nag-register sa kanya ang ginawa. She watched in horror as he started wiping his face, then his neck...

Napalunok siya nang makitang maging ang puting polo shirt nito ay basa na rin at ngayon ay nakabakat sa dibdib nito.

Lalong lumakas ang tawanan ng mga kaibigan. May pagkasadista ba ang mga ito? Tuwang-tuwa ba naman sa nakikitang sitwasyon noong isa!

“Baliw ka talaga, ni-request ko ang bestseller sa club! Kaya ang mahal ng kontrata ko diyan!” ani Diane.

“Buti nga sa ’yo, nasayang ang pera mo!” irap niya at pinilit iniwas ang paningin sa lalaking nagpupunas ng katawan. Kahit paano ay nakaramdam siya ng nerbyos.

Bayaran na kung bayaran, but the man wasn’t immune to humiliation. And he had a right to be angry, of course. He was hired to strip, not to get insulted. Lalong hindi rin para masabuyan ng ice water.

Napakagat-labi si Jillian nang masulyapan ang makulimlim na mukha nito.

My gosh, why the hell did he allow himself to be a stripper? tanong ng isipan niya. He could easily manage to snatch a rich woman for a wife kung gusto lang nitong guminhawa ang buhay at tamad talagang magtrabaho.

The stranger was too good-looking. In fact, puwedeng-puwede rin itong maging modelo, with a face and body like that...

“Ano na ang gagawin natin kung ayaw mo siyang mag-perform, Miss Killjoy?” ani Lucy. “Mapakinabangan man lang sana natin iyan nang hindi masayang ang bayad sa kanya!”

“What was your point in hiring him?” She was really curious, but immediately regretted the question nang marinig ang sagot.

“Heller?” Sa tono ng boses ni Lucy, komo’y nakakawindang ang kanyang katanungan. “Honestly, Jillian, you need to learn a thing or two. Masyado kang manang kaya naghanap ng iba ang boyfriend mo.”

Of course she knew Lucy regretted her words the moment she’d said them, but it was too late to take them back.

“I mean...”

“I know exactly what you mean!” Jillian snapped. Ayaw niyang ituloy nito kung anuman ang sasabihin lalo pa’t sa harapan ng ibang tao. Kung intensyon man nitong magpaliwanag, mas lalo lang nitong palalalain ang sitwasyon.

“Well, you know what,” Diane slurred at halatang dedepensahan si Lucy.

Kinailangang humugot ni Jillian ng malalim na hininga at ipinaalala sa sariling naimpluwensyahan ng alak ang utak ng mga ito and they really had no intention of embarrassing her.

“May punto naman si Lucy. Masyado kang manang. And you live by your golden rule na

dahilan kaya malungkot ang buhay pag-ibig mo. You need to loosen up. Bring out the wild side of you. Let's start with Mr. Stripper here.”

Okay, alcohol or no alcohol, pag hindi pa tumigil ang dalawang ito, itatakwil niya ang mga kaibigan!

Awang ang bibig na sinundan na lamang niya ng tingin si Diane na nilapitan pa ang lalaki at tinulungang punasan ang basang katawan nito.

“You have to watch and explore him. See? Wow, muscles!” Hinimas nito ang dibdib ng lalaki saka iminuwestra ang kamay sa kanya. “Come on, try it. Antigas, bhe!”

Lalo siyang napatanga sa suhestyon. She braved a glance at the man at nagtama ang mga paningin nila. The man was looking taut and mocking.

Napalunok si Jillian, pagkuwa'y biglang nag-iwas ng tingin.

What the hell was that? His mere gaze shot at her sent a strange chill through her spine. No, hindi katulad ng naramdaman niyang nerbyos matapos itong tapunan ng malamig ng tubig.

It's something inexplicable. For a moment, she pictured herself in front of him, actually taking a pinch...

Napailing siya na para bang sa paraang iyon ay maiwawaksi ang larawan mula sa isipan.

“You’re out of your mind.” Sinapo niya ang nag-iinit na mukha. “Just let him go, ire-refund ko ang pera mo. Please,” pagsusumamo niya. She was suddenly very tired.

Magsasalita pa sana si Diane nang biglang matigilan dahil narinig nila ang mga katok sa pinto.

“May iba ka pa bang inimbita?” tanong ni Lucy na tinungo ang pinto.

“Great,” Jillian mumbled resignedly at ibinagsak ang katawan sa sofa. “The more, the merrier.”

Saglit na kinausap ni Lucy ang sinuman na nasa labas, isinara ang pinto at aligaga nang harapin sila.

“Diane, may tao dito.”

“Who? A complaining neighbor? This house is secluded with high gates, we can party up all night!” ani Diane.

“If that’s the police, you can both get yourselves arrested. Please leave me out of it.” Hindi naman talaga iisipin ni Jillian na pulis iyon. Wala naman silang ginagawang krimen. Malamang drama lang ng dalawa ito.

“S’abi niya,” pinagkiskis ni Lucy ang mga kamay, “siya daw ang stripper na ipinadala ng club.”

Diane frowned.

Jillian sat straight. Bigla siyang napatitig sa lalaking ngayon ay nakatitig na rin sa kanya. There was a gleam of satisfaction in his eyes.

“If that’s the stripper,” mahinang sabi niya, nakatingin sa lalaki pero ang isang daliri ay nakaturo sa pinto.

“Then who is he?” agaw ni Lucy, sabay turo sa lalaking nasa gitna ng maliit na sala.

“Oh, me?” Sa unang pagkakataon ay narinig nila ang boses nito. It was full, husky, and mocking. “Don’t mind me, I’m just the owner of the house, Pavlo Alvarez.”

Chapter Two



She had to move out, bukas na bukas din. Iyon ang unang pumasok sa isipan ni Jillian nang mahimasmasan ang isipan mula sa pamamanhid.

Dahan-dahan niyang pinukol ng matalim na tingin ang mga kaibigang ngayon ay parang maiihi habang nakayakap sa isa't isa.

“I just came to get the key to the main house.”

Hindi niya alam kung paano niya kinuha sa kuwarta ang bungkos ng mga susi. Namalayan na lamang niyang iniabot iyon kay Pavlo Alvarez habang ibinabalik naman nito sa kanya ang basang tuwalya na pinampunas sa sarili.

“Since it’s your birthday,” narinig nila ang

muling pagsasalita nito, “I won’t interrupt you anymore.” Itinuro nito ang pinto kung saan sa labas ay naghihintay ang stripper. “Enjoy the night.” Binigyan siya nito ng nakakalokong ngiti kasunod ng nanghahamong tono, “If you can.” Tumulikod na ito.

You could hear a pin drop, literally. Iyon ang perpektong tawag sa sitwasyon nila sanhi ng katahimikang bumalot sa kanila pagkatalikod ng lalaki.

It remained that way until they heard the door open and close at the other house.

“Please, please tell me this is just a nightmare,” pabulong na sabi niya, sabay yakap sa sarili.

“I’m sorry, girl!” yakap sa kanya ni Diane.

“Get out. Both of you. I mean it,” matigas ang boses na sabi niya. “Isama n’yo iyang naghihintay na stripper n’yo d’yan sa labas.”

Alam ng mga itong seryoso siya kaya agad hinagilap ang kani-kanyang mga bag at isinuot ang mga sapatos.

“Patatawarin mo ba kami kung magsusulat kami sa one whole sheet of paper reminding you of the reasons why we are your best friends and why you should forgive us?” tanong ni Diane. Sa tabi nito ay tumatangu-tango si Lucy.

“Shut the door!”

Nang sa wakas ay wala na ang mga kaibigan, dahan-dahang napaupo si Jillian.

Parang lumipad sa hangin lahat ng alcohol sa katawan niya at natauhan nang bongga.



Pavlo let himself in the house he hadn't seen for so long. Home sweet home dapat ang tema sa isipan niya, pero hindi, dahil inookupa pa rin iyon ng eksenang naganap sa kabilang bahay.

What a welcome scenario. Ito ang napala niya na hindi man lang naisip kunin sa mommy niya ang contact detail ng caretaker, di sana ay nasabihan niya itong parating siya. All along ang inasahan niyang aabutan ay isang katiwala na mag-aasikaso sa kanya, too late nang maalalang ang pumalit nga pala sa dating katiwala ay ang pamangkin nito. At ngayon din lang naalalang nagsisilbing caretaker ito sa bahay kapalit ng paninirahan sa apartment nang libre. Iyon ang arrangement. Hindi nila ito sinusuwelduhan. She had her own life, hindi nakapokus sa pag-aalaga ng bahay.

Still, she's the caretaker. Dapat niya pa rin itong sinabihan.

Hindi sana ito nasorpresa.

At hindi sana siya nasorpresa rin.

Napangiti siya at napailing.

Not that he was complaining. Who would complain about such entertaining welcome? With the exception of the ice water thrown at him, he enjoyed the drama that unfolded where he was the main attraction.

He and his caretaker.

And what a hot caretaker she was!

Hindi matanggal sa isipan ni Pavlo ang reaksiyon nito habang ginigisa ng mga kaibigan sa pagiging manang nito. Her disbelief, anger and despair made her look so wild, innocent and... gorgeous. Very gorgeous. A sudden feeling of lust and desire filled him. Napailing ang binata, castigating himself.

Could it be the deprivation of sex that's making him feel this way? How long had it been since he slept with a woman? Napaikot ang eyeballs niya. Six months, he surmised. It was with a lady he met at a party of one of his friends. He had a great night, yes, but not really that memorable.

Pagkatapos niyon ay muli niyang ibinaon ang sarili sa trabaho, pagkuwa'y sa pagpapalano ng pag-uwi sa Pilipinas.

His friends tried to set him up with other women, but he just wasn't interested.

"Alison was drop-dead gorgeous, why didn't you at least go out and had some fun?" nag-aalalang tanong ng partner niya sa negosyong si Craig.

Nang pasimpleng sagutin niya ito na hindi siya interesado, ito ang narinig niyang sinabi nito.

"That's not normal, dude. You should see a shrink."

Well, maybe for Craig, a week without sex was not normal, but Pavlo was just in too deep in his life changing plans during those times. Hindi niya lang alam kung paano iyon sasabihin sa ka-partner at sa mga kapamilya.

Gayunpaman, may mga panahong hindi maiwasang mapaisip siya sa sinabi ni Craig. Could there really be something wrong with him? Bakit parang nawalan siyang bigla ng gana sa sex? Ipinagkibit-balikat niya na lamang iyon, blaming it on his current predicament over his life decisions.

In the end, na-finalize niya ang mga desisyon. Ibinenta ang share ng negosyo sa partner at sinabi sa mga magulang na uuwi siya ng Pilipinas.

His parents, both doctors in another state, were too busy to question his decisions at

binasbasan na lamang siya.

Kaya naman eto na siya ngayon.

And on his first night of being home, may napatunayan si Pavlo sa sarili. There was nothing wrong with his virility as implicated by some worried friends. His failure to respond to the sexual advances he's received wasn't a setback but a mere lack of interest.

But tonight, he found himself very, very interested.

Sa wakas, nagawa niyang tumawa kahit mahina lang. It's been so hard keeping a straight face while inside the small apartment. He couldn't believe the antics the two women played on their poor friend no matter how good their intentions were. At ang mas hindi matanggal sa isipan niya ay ang nakatutuwang reaksyon ng babaeng iyon... oh, the name's Jillian. His caretaker.

Well, by the looks of the situation na iniwan niya, he could imagine her strangling her two friends right now. Poor girls. He could see they honestly thought they were helping their friend.

Ah, ano ang itinawag nila rito? Manang.

Hindi naman ito mukhang manang sa tingin ni Pavlo. In his mind, ang itsura ng 'manang' na tinutukoy ng mga kaibigan nito is someone

who dresses way older than her age, with hair perfectly tied in a bun and with matching eyeglasses pa.

But no, this Jillian lady, despite the oversized t-shirt and plain shorts, looked hot and sexy. Definitely not 'manang' in terms of looks.

Oh yeah, the friends mentioned a 'golden rule'. Hindi maiwasang mapaisip siya kung ano iyon.

Great, his first night home and his mind's already preoccupied by a woman. A good sign. But not a good start.

Well, maybe... a good start if he's planning to have some fun.

Ibinaba ni Pavlo ang maleta at tinanggal ang cover ng sofa. Walang alikabok. Meaning, hindi pinababayaang ni Jillian ang main house.

Jillian. The birthday girl. Hayun at ayaw pa ring lumayo ng isipan niya mula sa babae.

He wondered kung ano ang ginawa niya kung hindi dumating iyong tunay na stripper.

Maaaring hiniling niyang umalis ang dalawang kaibigan nito and performed a strip dance for the birthday girl?

Nah, he shook his head. Hindi siya marunong sumayaw, it would have been awkward.

But damn... the idea was exciting.

Binuksan niya ang maleta para maghanap ng damit na ipapalit sa nabasang kamiseta.

Then he settled on the couch. Bigla niyang naramdaman ang pagod at hindi na nag-abala pang maghanap ng maayos na tutulugan.

He remembered her face once again at gumana ang imahinasyon niya hanggang sa makatulog na sa pagod.



The main house looked empty, naisip niya nang lumabas sa apartment kinaumagahan. It had always been empty, she didn't think the presence of one man would make any difference.

Sa unang pagkakataon mula nang tumira siya rito, makikita ni Jillian ang bahay na may nakatirang tao. Gaano katagal kaya nito balak mag-stay? At bakit naman kasi biglaan? Ni wala man lang pasabi. Iyon ang mga katanungan sa isipan niya kagabi pa.

Hindi pa rin matapus-tapos ang pag-aalala niya kung gaano katindi ang galit nito tungkol sa inabutan at tungkol sa ginawa ng mga kaibigan niya rito. At hindi niya rin pala puwedeng kaligtaan ang ginawa niyang pagbuhos ng tubig dito. Ice water pa naman iyon.

Muli siyang napakagat-labi nang maalala iyon.

Palalayasin na kaya siya ngayong araw? O bibigyan siya ng palugit man lang?

Well, she wouldn't know unless she go and find out. Kaya naman heto siya sa labas ng main door, nag-aalanganin pa ring kumatok.

Hawak niya ang isang malaking platong naglalaman ng natirang fried chicken at palabok mula kagabi.

Humugot uli siya ng malalim na hininga saka naglakas loob kumatok sa pinto.

Halos mabitiwan niya ang hawak sa gulat nang sa halip na bumukas ang main door ay narinig niya ang isang boses sa kanyang likuran mismo.

“Good morning.”

Tutop ng isang kamay ang dibdib na nilingon niya ang pinanggalingan ng boses. Hayun ang lalaki, nakasilid ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng khaki pants at seryosong-seryoso ang mukha.

“Damn,” mahinang sabi niya, pero alam niyang hindi iyon nakaligtas sa pandinig nito. His lips twitched, suppressing a smile.

Great, he must have loved the idea that he

almost caused her a heart attack.

“Good morning,” nanginginig pa ang boses na sagot niya. “You must be hungry. I brought you breakfast.”

“Thank you, that’s very thoughtful of you.” Kinuha nito ang hawak niya.

Napakagat-labi si Jillian bago muling nagsalita. “Is it too much to hope that you don’t understand Tagalog?” Hindi siguro masamang umasang sana ay hindi nito naintindihan lahat ng mga narinig kagabi. Especially the accusations of her friends na ‘manang’ siya kaya naghanap ng iba ang boyfriend niya...

“Dito ako lumaki hanggang matapos ko ang kolehiyo. Ilang buwan pa lamang yata kaming nakakaalis nang dumating ka rito para samahan ang tita mo.”

Oh, well... so much for wishful thinking...

“In that case...” aniyang pulang-pula na ang mukha. “Gusto mo ba ng kape?” Hindi niya alam kung paano sisimulang humingi ng paumanhin.

“Sure. Brewed, please.”

Aba, ano ang tingin nito sa kanya? *Starbucks*? May specific choice talaga?

“Ah, kasi... instant coffee lang meron ako.”
Say, no thanks, please. I was just being polite. At

least, be polite too.

“In that case, no thanks.”

Yes!

Tumalikod na si Pavlo, tangkang iiwan na siya.

Jillian still had to apologize. It had to be now, bago tuluyang umurong ang buntot niya. Para matapos na.

She grabbed his left arm. “Saglit!” Nang sabay silang mapatingin sa kamay niyang nakahawak sa braso nito ay parang napasong binitiwang niya iyon.

What the hell was that? How could a mere touch send such a jolt through her whole body making her feel warm and... ayaw na niyang hanapin ang tamang salita. It was the same feeling she had last night nang saglit na magtama ang mga paningin nila. She had no word for it. But she knew, the strange feeling was dangerous. Very dangerous.

Pisti naman, Jillian, kastigo niya sa sarili, you're here to grovel. “Kasi...” aligagang sabi niya at napakamot pa ng ulo. “Iyong nangyari kagabi, pasensya na talaga.” There. It was out. At nang masimulan, hindi na siya nahirapan sa sumunod na mga salita. “Hindi normal sa mga kaibigan ko iyon, sinaniban lang sila ng masamang espiritu.

’Tapos iyong malamig na tubig na itina-pon ko sa ’yo, sorry, ha? Nabigla rin ako, hindi ko naman iyon intensyon talaga.”

“Sinaniban ka rin ng masamang espiritu?” taas ang kilay na tanong ni Pavlo.

Napatango na lamang siya.

“Kaya ba dinalhan mo ako ng pagkain? Pang-peace offering?”

“Hindi lang iyon. Naisip ko baka wala ka talagang pagkain. Kung ipinaalam mo sanang darating ka, namalengke ako para sa ’yo.”

“I’m sorry. My bad. But you know what, masasayang ang effort mo sa pagpapainit nito kung hindi mo ako hayaang kainin na ito.” At ngayon lang naramdaman ng lalaki ang biglang pagkalam ng sikmura dahil sa gutom.

“Oh...” She clasped her hands together, pagkuwa’y nagkibit-balikat. “Sige, kain ka na lang muna. Mamaya na ako babalik.”

“Babalik?”

“Regular kong nililinisang itong bahay n’yo, pero iyong mga kumot at mga kubrekama ay kailangan kong labhan uli para presko pag ginamit mo. At iyong mga gamit sa kusina huwag mo munang gamitin. Lilinisin ko uli kasi halos sampung taon na mula nang magamit ang mga iyon.”

“Wala ka bang trabaho?”

Hah, kung alam lang nitong mula nang umalis ang mga kaibigan nang nakaraang gabi ay magdamag siyang di nakatulog para i-rush ang mga trabaho.

“I’m a home-based graphic designer. Luckily, bakante na ako.” Pinilit niyang ngumiti. “Hanggang kelan ka nga pala rito?”

“I’m here to stay.”



I’m here to stay.

Nasapo ni Jillian ang kanyang mukha. Bakit naman biglaan? Hindi na niya tuloy alam ang gagawin. Was she supposed to leave as soon as possible? Hindi naman pera ang problema niya dahil malaki na ang ipon niya, pero alam niyang mahihirapan siyang maghanap ng apartment na kasing-convenient nitong tinitirhan niya. Honestly, she’d be brokenhearted once na kailanganin niyang umalis sa tinitirhan.

Sana bigyan muna siya ng time na ma-set up ang lahat bago siya paalisin nang tuluyan.

Pagbalik sa main house, aligaga pa rin siya nang buksan ang main door para pumasok. Hindi niya nakita ang lalaki sa loob ng malawak na sala, tanging ang sofa ang napansin niya kung

saan may nakalatag na jacket na siya marahil ipinangkumot nito sa sarili. Nasa tabi rin nito ang isang malaking maleta.

Nahulaan niyang nasa kusina pa rin ito kaya roon siya nagtungo.

Obviously, narinig nito ang ingay niya kaya hindi na nagulat nang pumasok siya ng kusina. He was busy staring at his plate na parang kay lalim ng iniisip.

“Aakyat na ako, ha? Sisimulan ko nang maglaba.”

“Saan n’yo inorder itong palabok?”

“Ha?” nalito siya sa tanong.

“The fried chicken is okay, but the palabok is sensational. Talo pa nito ang palabok ng mommy ko na akala ko noon ay the best na.”

By the look of total confusion on her face, parang natauhan ang lalaki.

“I’m sorry, I must have sounded weird. You see, I’m a chef. Food is my passion.”

“Chef? Ikaw?” Blatantly, she looked at him from head to toe.

“You’re thinking I don’t look like a chef?” Pinagtiklop nito ang mga braso sa dibdib. “Was I supposed to look fat? Hindi porque chef ay matakaw na. At hindi lahat ng mahilig sa pagkain

ay mataba,” ngiti nito.

“Hindi naman iyon ang iniisip ko.”

“Oh, yeah?” Pavlo moved back his chair, stared at her, still with his arms crossed over his chest. “So, ano ang iniisip mo?”

Offended at being thought judgemental, hindi na niya napigilan ang sarili. “I was thinking you didn’t look like a chef. To me, you looked more like a...” Wala siyang mahagilap na salita. Bakit ba kasi kinailangan pa niyang patulan?

“Stripper?”

“Yes.” Pagkuwa’y nanlaki ang mga mata niya nang ma-realize kung ano ang isinagot. “I mean, no. No! Actually, you look like a model... a very sexy, hot model and not... not necessarily a stripper. I wasn’t thinking about a stripper at all!”

“Very sexy and hot model?”

“Argh!” Nasapo ng dalaga ang kanyang mukha. “Maglalaba na ako!” At dali-dali siyang tumalikod para magtungo sa rooftop kung saan maglalaba.

But she was not fast enough, dahil narinig pa niya ang mahinang pagtawa ni Pavlo bago siya tuluyang makalayo.

She needed to get away from him. He had this effect on her na para bang nawalan na siya

ng hiya matapos ang mga pangyayari kagabi.

Hindi siya makapaniwalang nagawa talaga niyang magsalita nang walang pakundangan. Siya, si Jillian, the sensible, shy Jillian. Kaya nga tinawag siyang 'manang' ng mga kaibigan, di ba?

Then all of a sudden, there she was talking brazenly to a stranger about how he looked like a hot model!

Kailangan na niyang lumipat ng tirahan. Siya na ang magkukusang aalis. Nakakahiya kung ito pa ang magpaalis sa kanya.



Bago niya simulan ang paglalaba, nag-text muna si Jillian sa lahat ng ka-close na nasa kanyang phonebook at nagtanong kung may nalalaman ang mga itong apartment na puwede sa kanya.

By the time na matapos siyang maglaba, tatlo lang ang nag-reply. Iyong ay isa may suggestion na. Iyong isa usyusera lang at tinatanong kung bakit siya lilipat. Iyong huli naman ay tinatanong kung bakit hindi na lang daw siya tumira sa bahay ni Gerard. So by the time na nagsasampay na siya, mangiyak-ngiyak na siya sa pagmamaktol at pagtatanong sa langit kung bakit siya pinapahirapan nang ganito.

“Alam ko namang marami akong pagkukulang, pero grabe naman ito! Sobrang makasalanan ba ako sa aking past life at ganito ang parusa sa akin ngayon? Hindi pa nga ako nakaka-recover kay Gerard, ngayon naman kailangan kong umalis sa bahay na napamahal na sa akin. Puwede ba,” tumingala siya sa kalangitan, “one major problem at a time! Hindi ko to carry!”

May tumikhim sa likuran niya.

Hindi makapaniwalang nilingon ni Jillian ang pinanggalingan ng boses.

Pavlo Alvarez stood there as if it was normal to scare the hell out of somebody whenever he wanted to.

“Sana man lang nilakasan mo ang mga yabag mo habang papaakyat ka,” irap niya rito. Ang pagiging defensive lang ang paraan niya para maiwaksi ang pagkapahiya. “Or if it was too late para magpapansing parating ka, puwede namang hindi mo na lang ipinahalatang narinig mo ako!”

“Bakit naman magpe-pretend pa akong hindi ka narinig, when I am dying of curiosity about your major problem in life.”

Ang honest naman ng taong ito, eh, di magpapaka-‘honest’ na rin siya.

“Gusto mong malaman? My major problem is you—you coming home unannounced, therefore, putting me in such an embarrassing situation on my birthday! My birthday, imagine?” Komo’y di-makapaniwala ang himig ng boses niya. “At ngayon dahil sa mga nakakalokang pangyayari mula nang dumating ka, biglang-bigla kailangan kong maghanap ng malilipatan na hindi madali para sa akin! All because of you! So you see, ikaw ang dahilan ng lahat ng problema ko!”

Dahil alam ng dalaga na hindi na siya magtatagal sa tinitirhan, wala na siyang pakialam kung magalit man ito sa kanya.

Pero ang hindi niya inasahan ay ang naging reaksyon nito sa kanyang litanya.

“Kailangan mong maghanap ng malilipatan dahil sa akin? Why?”

Gusto niyang sabunutan ang sarili sa desperasyon! She didn’t like the situation she was in. The conversation wasn’t even supposed to be taking place. Hindi niya naman kinailangang sabihin ang mga sinabi, pero hayun at tuluy-tuloy ang pagda-dialogue niya nang hindi na nag-isip.

Bumuntung-hiningang tumalikod siya. “S’abi mo nga, you’re here to stay. Hindi na ako puwedeng manatili rito.”

“Why? Sino ang nagpapaalis sa 'yo? Or you just don't like to be near me? Am I too hot to handle? Hmm... let me see, you're attracted to me?”

Nganga ang bibig na nilingon niya ito. “Sinasaniban ka ba?”

“Hindi ko kasi talaga makita ang rason kung bakit kailangan mong umalis dahil 'andito na ako. It's not as if we're going to live in the same house. Your apartment is very private.”

Napaisip saglit si Jillian habang kagat ang pang-ibabang labi. Pagkuwa'y, “So, ibig mong sabihin hindi mo ako paaalisin?”

“May mga balak akong gawin sa bahay na ito, pero hindi naman agad-agad. Kung kailangan ko na talagang mabakante ang apartment, sasabihin ko ahead of time para may pagkakataon kang maghanap ng lilipatan.”

“Okay, what would you prefer,” nabuhayan ng loob na sabi niya, “weekly pa rin akong maglilinis sa bahay mo o magbabayad na lang ako ng renta buwan-buwan? Kahit ano, okay lang sa akin. Pero ngayon lang kita ipaglalaba, ha?” paalala niya. “Marami namang laundry services diyan sa tabi-tabi.”

“Well, I can manage myself at siguro kailangan mo pa ring maglinis. And I need a different type

of service from you. Something more personal.”

Kung bakit naman kasi kinailangan siyang hagurin ng tingin mula ulo hanggang paa!

Her face became a slideshow of different animated expressions. Una, pagkalito ang bumakas sa mukha, pagkuwa’y pagkabigla, muli ay pagkalito na nagtapos sa panlalaki ng mga butas ng ilong nang marating ang pinal na konklusyon sa narinig.

“If you are in need of a pillow friend, Mister, then you’ve got the wrong girl!” kasinlamig ng yelo ang boses na sabi niya kasabay ng matalim na tingin.

Ang lalaki naman ngayon ang nalito. “What do you mean—” simula nito, pagkuwa’y napatigil sa realisasyon. “Oh.” Pagkuwa’y namutawi ang pagkapilyu-pilyong ngiti sa mga labi nito. “You mean I was referring to ‘that’ type of service.”

Biglang pinamulahan ng mukha si Jillian. Kung bakit kasi nag-assume siya agad!

“But if that’s not what you were referring to then, we can proceed with the discussion. Anong personal service nga uli ang tinutukoy mo?” Katu-twenty-seven niya pa lang, pero kung bubukas ang lupa ngayon para lamunin siya, willing siyang sumama sa sobrang kahihyan.

Gagah, assuming ka kasi! kastigo niya sa sarili.

“I am in need...” Napaubo si Pavlo sa pagpipigil ng tawa. “I am in need of a personal assistant to help me get around town.”

Personal assistant. Burn, Jillian. Burn.

“May trabaho ako,” tanging nasabi niya.

“Hindi naman kita kailangan full-time. I can adjust my plans to suit your free time. You see, I am planning to turn this house into a restaurant one day. Pero sa ngayon, pag-aaralan ko muna ang takbo ng kalakaran.”

“Gagawin mo itong restaurant?”

Well, the place was isolated by high walls, pero kung iisipin namang mabuti, it's in the middle of Valenzuela at very accessible ito from all points of direction.

“I was part owner of an exclusive restaurant in Idaho,” he informed her.

“Was?”

“I sold my share.”

“Bakit?” nais niyang malaman.

“I decided to come home and share my talent to my fellow Filipinos,” he grinned.

“Wow! Thank you, ha?” Tumalikod siya para ipagpatuloy ang pagsasampay. Pero sa isipan ay pinoproseso ang offer ng lalaki.

Nagulat siya nang tumabi ito para kunin ang isang malaking bedcover at nagsampay rin.

“So, can you be my assistant?”

“What exactly do you need me for?” Hindi naman talaga siya interesado, gusto niya lang maging polite bago niya ito tanggihan.

“Kailangan ko ng mahihingan ng mga opinyon, kasamang gagawa ng ilang research, at kasamang maglilibut-libot sa restaurants.”

Okay, she’s interested. “Gan’on lang ba kasimple?”

“Yeah.”

“And I still get to stay here for free sa ngayon?”

“Yeah.”

“I’m in.” Sa sobrang thankful niya na hindi niya kailangang mag-alsa-balutan ay hindi na siya nag-isip bago sumagot. Haller, ano pa ba ang kailangan niyang pag-isipan?

“Alright, puwede mo ba akong samahan sa pamimili ng mga gamit ko? The refrigerator is not working, by the way, so kung tapos ka na dito, saan tayo puwedeng bumili ng bago?”

“Bili, agad-agad?” Pinandilatan niya ito. “Ni hindi mo ipapa-repair, Mr. Money?”

Ngumisi ito. “That one is just younger than me by five years. At sa tagal na ng panahon na

hindi iyan nagamit, baka umapoy na iyan sa halip na magyelo.”

“Ganito ang trabaho ng PA? Akala ko pa naman it is a bit more glamorous than this. Alalay pala sa pagbili ng appliances.”

“Ngayon lang ito. In the future, I will be scouting many restaurants in Manila, and maybe those in nearby places also. Sasamahan mo ako sa pagkain sa mga iyon. So you see, malilibre ka pa every time na lalabas tayo.”

“Ay, wow!” Pagkuwa’y napakunot-noo siya. “Teka, bakit naman kailangan mo ng kasama para lang kumain sa labas?”

He smirked. “The idea of eating alone in a restaurant is not really appealing to me.”

Oo nga naman.

“So, are you set to go?” Ang tinutukoy nito ay ang paglabas nila para mamili ng bagong refrigerator. “Pumapayag ka naman na maging PA ko, di ba?”

“Of course. Babalik muna ako sa apartment para magbihis. Hindi naman ako tanga para tanggihan ang libreng tirahan at mga libreng kain sa labas.”

Chapter Three



It wasn't until she was alone that she began to wonder what she's gotten herself into. Kagabi lang ay problema ng buhay niya si Pavlo Alvarez, ngayon mukhang magiging anghel niya pa ito. Because however she tried to look for something wrong in the situation ay wala naman siyang makita. Kaya noong huli ay ipinagkibit-balikat niya na lang ang mga nararamdamang pag-aalangan at ipinagpasalamat ang kanyang suwerte.

Hind pala siya uulanin ng kamalasan; matapos ang lahat ng down moments niya na nagsimula nang gabing mahuli niya si Gerard, natuldukan naman iyon agad. Hindi lang tuldok,

exclamation point pa!

In fact, things seemed to be too good to be real—but amazingly, everything *was* real!

Hindi kailangang mag-alsa-balutan ni Jillian. And the best thing was, they had come up with a compromise for a win-win situation.

The only problem on her part was the undeniable attraction Jillian had for the man. She could barely manage to look at him directly in the eye dahil para bang natatakot siyang mabasa nito ang matinding atraksyon niya rito. Na hindi naman nakapagtataka dahil ang lakas talaga ng atraksyon ng taong iyon.

It's a strange feeling, though.

She never felt this way before. Not even toward Gerard. Iyong crush na naramdaman niya noon para sa dating nobyo ay iyong tipong pa-blush-blush lang siya pag nakikita ito sa gym where they first met. Parang high school ba. Pagkatapos nauwi sa kantyawan hanggang sa nag-date na sila. Yeah, diretso date. You see, she's not so manang, after all.

But still, there was a process. Iyong paghanga niya noon sa ex ay na-develop from crush hanggang sa mas tumindi.

Nothing compared to what she's feeling right

now, though. There was something sensual about her attraction to Pavlo. Sa tuwing nagkakalapit ang kanilang mga katawan, parang gusto niyang humingi ng pamaypay dahil nag-iinit ang pakiramdam niya. Parang nauubusan siya ng hininga.

Ano ba iyong madalas niyang naririnig sa mga pelikula?

He takes her breath away.

Yeah, ito pala iyon. It happened in real life. At ang hirap dahil hindi niya iyon puwedeng ipahalata. Nakakahiya kaya!

This was so new to her.

Dahil kaya sa mga pangyayari nang nakaraang gabi? The situation they were in was awkward, intimately awkward.

Pero parang may iba pang nangyari. Na sa kabila ng presensya ng mga kaibigan niya, para bang nagkaroon ng koneksyon sa pagitan lamang nilang dalawa ni Pavlo.

It's just you, Jillian, kumbinsi niya sa sarili. It's just you and the unstoppable imagination of him doing an actual strip tease. Yeah, that damned possibility of strip tease.

Pinamulahan siya ng mukha kahit sa sariling isipan lang naglalaro ang mga salitang iyon.

This is insane, aniya pa sa sarili.

Very true. This feeling was brazenly insane dahil para patuloy na maglakbay ang imahinasyon niya sa mga lugar na hindi niya pa napupuntahan.

It made her want to break her rule.

Parang bigla siyang natauhan sa naisip at kinastigo ang sarili. She lived by her rule for so long, hindi niya ito makakalimutan nang dahil sa estrangherong iyon.

Estranghero, huh! That was no longer the case. Bukas makalawa ay hindi na niya matatawag ng ganoon si Pavlo Alvarez.

Her landlord. Employer. Or whatever she should call him.

Magpapakapropesyonal siya. Wala nang awkward moments. Ibabangon niya ang kanyang reputasyon. Desidido siyang gawing maaliwalas ang arrangement nila.

Sana lang, huwag mabanggit-banggit ng lalaking iyon ang mga pangyayari kagabi.

Wishful thinking.



“So, what was really the issue last night? Bakit napaka-thoughtful ng mga kaibigan mo at kinuhanan ka pa ng stripper?” tanong ni Pavlo

habang naghihintay sila ng taxi sa main road.

Umikot ang eyeballs ng dalaga bago ito inirapan. “Seriously? You’re asking me that? Dito sa kalye?” Iminuwestra pa niya ang mga taong may sariling aktibidades sa paligid.

“Well, I’m dying of curiosity. And after our intimate meeting last night, I thought I had the right to ask. Pero dahil kinukuwestyon mo ang kinatatayuan natin, should I wait ’til we get in the taxi?” ngisi nito.

“Ha-ha, very funny!” ingos niya. But once again, sinasabunutan niya sa isipan ang kanyang mga kaibigan.

If not for them, she could have had a normal first meeting with Pavlo.

“I wish I have friends like yours,” patuloy nito.

“You’re not serious.”

“Truly, I do.” Itinaas pa nito ang mga kamay. “They are great. Where do I buy friends like them?”

“Friends who would hire a stripper for you?” di-makapaniwalang tanong ni Jillian. “That’s what you call great? Oh, I see.” Kunwa’y natauhan siya. “It’s the stripper you’re really interested in.” Nagkibit-balikat pa siya. “Well, I heard the guy last night was really good-looking. Gusto mo

i-text ko si Diane para pabalikin niya mamayang gabi?” Gayong alam niya namang ang tinutukoy ng kausap ay ang kabaliwan ng mga kaibigan niya at hindi ang stripper, pero sinadya niyang i-misunderstand ito.

This time ang lalaki naman ang natigilan. Ginaya nito ang sinabi niya, “Ha-ha, very funny,” ismid nito sa kanya saktong tumigil sa harapan nila ang isang bakanteng taxi.



Ni hindi sumagi sa isip ni Jillian ang maaaring isipin ng mga taong nakakakita sa kanila. Nang pumasok sila ng appliance center at maramdaman ang pagtrato sa kanila ng mga sales person as a couple, saka lang biglang naisip niyang nagmumukha silang mag-asawa. Dalawa ba naman silang namimili ng fridge.

Obviously, Pavlo had also come up with that conclusion, at nang mapansin nitong lumalayo siya ay mas lalo itong lumalapit.

“Gusto ko ito.” Ang tinutukoy nito ay ang 25 cubic refrigerator. Kanina pa nito pinag-iisipan o iyong 29 cubic ang kukunin. “Should we ask them if they have another color? Something to your liking?”

He didn't even touch her. Nagtanong lang

ito. In such a sweet way that it almost looked intimate. Diretso ang mga mata sa kanya na para bang ang desisyon niya ang pinakamahalagang desisyon sa mundo.

Abot-tainga ang ngiti ng saleslady sa harap nila, eager to make a sale pero obvious din ang kilig sa mga mata nito.

Agad iniwas ni Jillian ang tingin mula rito at nag-isip. Ibinalik niya ang tingin sa lalaki at ngayon ay nakapaskil ang pekeng ngiti sa kanyang mga labi.

“Eh, kung si Michael na lang kaya ang pamilyin mo, sis? Tatal kayong dalawa naman ang gagamit niyan.” Sadyang nilakasan niya ang boses para marinig ng ilan pang katabi nila, sabay pa-kikay na isinukbit niya ang kamay sa braso ng lalaki. “I’m sure Michael would like anything you choose. Alam mo naman ang boyfriend mong ’yun, sobrang laki ng tiwala sa ’yo!”

Nakita niya kung paano mapanganga ang saleslady, naramdaman din niya ang biglang pananahimik sa paligid. She looked up to Pavlo and saw horror on his face.

“She’s joking,” parang sarili ang kausap na sabi ng lalaki. He was talking to the onlookers, pero sobrang hina ng boses na para bang hindi

pa rin makapaniwala sa sitwasyon nito ngayon. “We’ll take this one,” tila wala sa sariling sabi nito.

Parang biglang natauhan agad ang mga taong nasa paligid at bumalik ang mga aktibidad. Tinawag ng saleslady ang isang kasamahang lalaki para magpakuha ng stock.

Kusang lumayo ang lalaki sa kanya para mamili ng oven at ilan pang mga gamit.

Natapos sila sa pamimili ng appliances. Nakahinga nang maluwag si Jillian.

“I’m having second thoughts about having you as my assistant. You’re deadly.” At least, naka-recover na ang lalaki sa mga pangyayari. Inaya pa siya nitong mag-lunch dahil lampas ala una na.

“Buti nga sa ’yo. Kaya mula ngayon hindi mo na ako dapat binibigyan ng discomfort.” Nginitian niya ito nang pagkatamis-tamis.

“Discomfort? Porque’t nag-assume iyong iba na item tayo? And here I was thinking you were feeling proud.” Komo’y lungkot na lungkot ang mukha nito.

“Hindi ka rin saksakan ng yabang.”

They must have both realized the humor in everything at sabay silang napatawa.

“I think life will be very interesting with you

around,” ani Pavlo. “Our first meeting was just a prelude to great events.”

Alam niyang tinutukoy na naman nito ang nangyari kagabi kaya nagngalit ang mga ngipin ni Jillian sa pagpipigil ng inis. He’s obviously having a lot of fun at her expense.

“Seriously? You’re back to that? I can’t help but think na sana puno ng ice iyong bucket bago ko itinapon ang laman sa ’yo.”

“If that were the case, you might be homeless right now,” ngiti nito.

“Siyanga, ano?” Napakunot-noo siya at napakibit-balikat. “Pero sana may natira na kahit isang ice man lang doon. Kumain ka na kaya’t kailangan mo nang makauwi. Baka unahan ka pa ng mga magde-deliver ng appliances sa bahay mo. At huwag mong kakalimutang ipasok iyong mga sampay.”

Napakunot-noo ito. “Hindi ka sasabay sa pag-uwi?”

“Male-late ako sa trabaho.”

“Akala ko home-based ang trabaho mo?”
Bakas ang pagkalito sa mukha ng binata.

“Iba iyong sa bahay where I can work anytime I want as long as I meet the deadlines. Iba ito, I spend two hours every Monday to Wednesday

sa gym teaching tae kwon do.” Napatawa siya sa gulat na nakita sa mukha nito. “Yes, me. This skinny me. I’m a black belter,” pagkaklaro niya.

Itinaas nito ang mga kamay sa ere na komo’y sumusuko. “I will never piss you off. Unless I’m out of your reach, of course.” Sabay silang napangiti. “Wow, a black belter? Paano ka napunta sa ganyang sports?”

“Noong bata ako sa probinsya, maraming nambu-bully sa akin kasi maganda ako.” She showed him her fist when he acted shocked. “Well, lagi akong inaaway ng mga kaklase kong insecure, at iyong mga boys na gustong magpapansin, laging hinihila ang buhok ko o kaya itinatakbo ang tsinelas ko. So I decided I had to fight back. Hayun, every afternoon umuuwi akong may galos at mga pasa. When I was in high school, may offer na free tae kwon do classes, I was the most dedicated trainee. Iyon ang dahilan kaya ako nakakuha ng scholarship noong college. I contributed some gold medals to the university, if you must know,” pagyayabang niya pa.

“I am so impressed,” nakangiting sabi ng lalaki. Napansin nitong natigilan siya. “What’s wrong?”

“Ayaw na ayaw ni Gerard, my ex, ang pagiging

black belter ko.” It was out before she could stop herself. Great, did she really just tell him that? *Good job, Jillian, share him your life story!*

Napakunot-noo si Pavlo. “Why?”

Wala na siyang magawa kundi sumagot. “He said it tarnished his ego, kinakantyan siya ng mga kaibigan na kapag na-corner daw kami ng mga hold-upper, ako pa daw ang magliligtas sa kanya instead of the other way around.”

“Poor guy. He must have been terrified of you.”

Napatawa siya nang pagak. “No way. If he was, he wouldn’t have had the guts to cheat on me.”

“He cheated on you? Unbelievable.” Napailing pa ang kausap niya. “So hindi talaga siya natakot sa pagiging black belter mo? Teka nga, do you have solid proof that he cheated?”

Vaguely, ikinuwento rito ni Jillian ang nasaksihan sa parke. “Is that solid enough for you?” she smirked.

“He’s a jerk,” seryosong sabi nito.

“I’ll eat to that.” Itinaas niya ang hawak na kutsara at sumubo. “Damn, nawalan tuloy ako ng ganang kumain nang maalala ko ang taong iyon.” Hindi niya malasahan ang pagkain habang ngumunguya.

“The food is not good, anyway. Ambiance lang nila ang maganda. It’s a place I wouldn’t go back to.” Na-realize niyang kanina pa nga rin tumigil sa pagkain ang lalaki at ang fruit shake na lang ang iniinom.

At dahil hindi ito pamilyar sa pricing ng restaurants sa Pilipinas, hiningi nito ang opinyon niya kung mahal ba o mura iyong presyo para sa mga average customers.

At dahil madalas silang kumakain sa labas ng mga kaibigan lalo na kung may bagong bukas na mga kainan, nakapag-ambag siya ng opinyon.

Jillian was enjoying the day. Naisip niyang kung mapapadalas ang kain nila sa labas, baka magawa niyang ituloy ang pangarap na makapagsimula ng food blog.

“So, are you a good chef?” aniya pagkuwan nang maubusan sila ng pag-uusapan.

“I’m a great chef.”

“Prove it para maniwala ako,” hamon niya.

“You might ask me to marry you when you’ve had a taste,” mayabang na sagot nito.

“You’re not my type.” *You’re way beyond my type, and yet here I am...*

Unknowingly, she’d issued a challenge.

Dahan-dahang sumandal ang lalaki sa

upuan, pinagtiklop ang mga braso sa dibdib at taas-kilay siyang tinanong sa nanghahamon na boses. “Oh, yeah?”

Biglang nakaramdam ng panlalamig si Jillian sa likuran dahil sa pagbabago ng ihip ng hangin sa paligid nila. Kung kanina ay parang high school students sila na naghaharutan lang, ngayon biglang naging seryoso. She didn't like 'seryoso'. She liked Pavlo acting uninterested and uninteresting. To look at him differently would mean 'trouble'. Hindi na nga niya mai-deny sa sarili ang atraksyon dito, ginagatungan pa ng lalaki!

“Hoy!” Pinandilatan niya ito nang makarecover mula sa pagkabigla. “Huwag kang malandi.”

“But did you mean it? That I'm not your type?”

Very funny, kung alam lang nito ang narating ng imahinasyon niya mula pa kagabi.

“Of course. Mula ngayon, I'd go for the body builder type. Iyong may malaking katawan, naglalakihang muscles, parang John Cena. Iyong tipong hindi mai-insecure sa pagiging black belter ko.”

“I don't give a damn if you're a black belter.

I'm impressed but not insecure."

Ramdam niyang nagsasabi ito ng totoo. "Kahit na. Hindi pa rin kita type."

In her mind, kinukutya niya ang sarili, *Go ahead, Jillian, pa-kyot ka pa more!*

"You're hurting my ego." Kunwa'y sinapo ni Pavlo ang dibdib.

Tinapik niya ito sa balikat. "Huwag ka kasing mag-focus sa akin. You'll find other girls. But they might not be as beautiful as me."

Pinulot ni Pavlo ang isang dimsum sa plato at walang sabling ipinasubo sa kanya.

Saglit lang siyang nagprotesta, pero mayamaya ay nginunguya na iyon. Napatango pa siya.

"Tama ka, hindi nga masarap."

Chapter Four



Dumaan muna sa grocery si Pavlo bago umuwi para mamalengke ng luluuin pag-uwi. He planned to make her dinner.

Natitigilan siya habang namimili ng mga bibilhin. How could he be so comfortable with a complete stranger? Noong nakaraang gabi lang sila nagkakilala, at heto na siya, handang ipagluto ito ng hapunan?

Napailing siya at nagpilit ng isang ngiti.

It must be the ice water she threw at him last night. It did something to his brain.

Or it could be what she's doing to him physically and mentally. The woman was

dangerously attractive, but he decided he's willing to welcome the danger. Welcome it with open arms, in fact.

He liked her. Really liked her. She's funny, sweet, witty and intelligent. And that's the problem.

He's not looking for anything serious at the moment. He's ready for a fling, but she's not the type of girl who would settle for that, base pa lang sa eksena sa kanilang unang pagkikita.

He wouldn't want to hurt her. Kaya kailangan niyang maging maingat...

But what if she was willing?

Napakunot-noong inilagay niya sa cart ang isang de-latang hindi niya sigurado kung kailangan niya.

Suddenly, he wasn't feeling confident he would be such a gentleman.



She'd never been so excited to go home. Kahit hindi siya sigurado kung makikita niya nga si Pavlo sa gabing iyon, hayun at hindi niya pa rin mapigilan ang pagnanais na makauwi na kaagad. Wala namang ibig sabihin iyon liban sa katotohanang masyado siyang nasanay na umuuwi sa bakanteng bahay. At ngayon the mere

fact na may kapit-bahay na siya was enough to get her excited.

That's all.

Yeah, Jillian could go ahead convincing herself hanggang sa maniwala siya.

Kahit pa ang totoo niyan, nagmimistula siyang high school student na excited pumasok sa paaralan para lang makita ang crush.

Para bang sadyang naghihintay ang lalaki na marinig ang pagtigil ng jeep sa tapat ng gate. Biglang bumukas ang ilaw sa balkon nito at lumabas si Pavlo sa main door habang papasok siya ng gate. Parang may nag-somersault sa tiyan niya nang makita ito.

Landi mo! sigaw ng kanyang isipan.

"I'll bring the food over," narinig niyang sabi nito. Hindi na siya sumagot, minadaling pumasok sa apartment at tumakbo sa harapan ng salamin para i-check ang sarili.

Dahil nag-shower na sa gym ang dalaga bago umuwi, naghilamos lang siya saka nagpunta sa harap ng computer na nasa sala. Kailangan niyang i-check ang mga update sa mga proyekto niya kung mayroon. At kailangan niya ring umaktong busy pagpasok ng lalaki, baka akalain nitong excited siya. Totoo naman.

She'd die before she'd let him notice!

Ilang minuto pa ay narinig niya ang pagbukas ng pinto at pumasok si Pavlo na may dalang dalawang naglalakihang bandehado at may bag na nakasukbit sa balikat.

“Aba, may inimitahan ka bang bisita? Pang-isang batalyon yata iyan.” Tumayo siya para kumuha ng mga plato sa dish rack.

Ibinaba nito ang mga dala at nakita niya ang fried rice at isang buong manok na tingin pa lang ay natakam na ang mga mata niya. At nang naamoy iyon ay naglaway siya agad.

“Wow! Hindi ka rin naman naging busy habang wala ako?”

“Medyo nagtagal ako sa grocery. Which reminds me, we have to scout markets too, para malaman ko kung saan nakakabili ng kung ano.”

“Yes, boss. Ano iyang laman ng bag mo?”

“Laptop, makiki-Internet din kasi ako.”

“Hah! Kaya pala may suhol ka.”

“At least, mahal ang suhol ko. My fried rice alone is worth your day's salary.”

“OA ka! Mahal ang rate ko, 'noh!” Sinimulan na niyang kumain. “OMG, ang sarap nga! Kanin pa lang ulam na.” Kumuha siya ng parte ng

manok at napapikit pa nang namnamin niya iyon. Bawat nguya ay nananamnam niya ang lasa ng manok at ng kung anu-anong mga herbs and spices na inilagay roon ng lalaki.

“Any minute now comes the marriage proposal,” he said sardonically.

Biglang nanlaki ang mga mata ni Jillian at marahas na napailing. “Actually, mas lalong ayoko. Pag napangasawa kita, tataba ako nang wagas. Paano na lang ang pagtuturo ko ng tae kwon do?”

Ipinagpatuloy ni Jillian ang pagpapak ng manok. Kung dati-rati ay conscious siya sa pagkain, ngayon hindi na niya mapigilan.

An hour later, nakapuwesto na sila sa harapan ng kanilang mga computer. Sa loob ng main house ay masyadong mahina ang sagap ni Pavlo sa wi-fi ng dalaga kaya kinailangang lumipat muna sa bahay niya.

“Ano ba’ng ini-Internet mo diyan?” hindi mapigilan ang curiosity na sabi niya. “Hoy, bawal ang porn dito, ha!”

He shifted uncomfortably. Kanina pa pilit iniwasang isipin ni Pavlo kung gaano kaseksi ang dalaga sa suot na oversized t-shirt at tights.

“Hoy, akin na iyang laptop mo at nang

malagyan ko ng parental control!” Hindi pa rin tumigil si Jillian.

He made a face. “I’m looking for a car.”

“Ay, taray! Pero gusto ko ’yan! Makiki-joyride ako sa iyo lagi. Patingin!” Tumayo siya para tabihan ito, at hayun sa screen ang napakaraming klase ng mga sasakyan at sa tabi niyon ay ang mga naglalalaking presyo. “Nakakalula naman.”

She had no idea na mas nalulula ang lalaki sa paglapit niya. He did his best not to lean closer.

“Pupunta ako ng Laguna bukas para personal na makapili. But I expect you to be ready at seven thirty in the evening, may susubukan tayong restaurant.”

“Wow! Unang araw pa lang and I’m beginning to love my job as your assistant,” ngiting-ngiting sabi niya.

Tumatawa lang ang lalaki nang tumayo para magpaalam.

Maaga siguro itong umalis kinaumagahan kaya hindi niya nakita. Naging abala si Jillian sa ginagawang project at pagdating ng hapon, wala man siyang schedule sa gym ay nagpunta pa rin siya dahil naipangakong magbibigay ng free demo sa ilang baguhang enrollees.

When she got home, obvious na nandoon

na si Pavlo dahil bukas na ang ilaw sa loob ng malaking bahay.

Hindi niya alam kung anong klaseng restaurant ang pupuntahan nila pero para safe, pinili niyang isuot ang isang kaswal na floral mini-dress. Which was good dahil kaswal na slacks at polo shirt din lang ang suot ni Pavlo nang kumatok ito para sunduin siya.

“Sa susunod sabihin mo kung anong klaseng restaurant ang pupuntahan natin, ha? Paano na lang kung nag-evening gown ako ’tapos turu-turo pala ang kakainan natin?”

Napatawa ito. “Let’s always go casual. In our restaurant, it didn’t matter kung ano ang suot ng mga customer. Ang mahalaga ay magbabayad sila bago umalis.”

“Pera-pera lang talaga, ganern!”

“Business,” he grinned.